

International Theatre Institute ITI

World Organization for the Performing Arts



World Theatre Day 2013

Dario Fo's Message

Noon pa, malaon nang nagpasiya ang mga Maykapangyarihan laban sa mga Artista ng Commedi Dell'Arte" sa pamamagitan ng pagpapalayas sa mga ito.

Ito ang dahilan kung bakit nahihirapan ngayon ang mga mandudula na makakita ng mga entablado, mga lugar na pagtatanghalan at mga manonood.

Wala na tuloy problema ang mga namumuno na pigilan ang mga mandudulang gustong magpahayag ng saloobin laban sa kanila dahil nawalan na ang mga artista ng lugar na pagtatanghalan ng hinaing at nawala na rin ang mga manonood nito.

Kabaligtaran noong panahon ng *Renaissance* sa Italya nang labis na nahirapan ang mga maykapangyarihang pigilan ang *Commedianti* dahil napakarami ng tumataguyod ditto.

Alam nating nangyari ang malawakang eksodo ng mga artista ng *Commedia De'Il Arte* noong panahon ng *Contra-Reformacion* na nag-utos na tanggalin ang mga entablado't tanghalan, laluna sa Roma, kung saan pinaparatangan ang mga ito ng panunuligsa sa Banal na Lungsod.

Noong 1697, ipinagiba ni Papa Inocencio XII ang *Teatro Tordinona* sa udyok ng mga konserbatibong mayayaman at ng mayoryang kleriko dahil ayon sa mga moralista, doon daw nagtatanghal ng malalaswang palabas.

Nang panahon ding ito ng *Contra-Reformacion*, inialay ni Cardinal Carlo Borromeo ang kanyang sarili na aktibo noon sa Hilagang Italya para sa "kapakanan ng Kabataang-Milano", binigyang diin ang malinaw na kaibhan ng Sining, bilang pinakamataas na anyo ng edukasyong pang – espiritual, at ng *Teatro*, bilang salamin ng "kalapastanganan at kapalaluan". Sa liham niya sa kanyang mga kasapat, ipinahayag niya ang kanyang damdamin na inuulit ko rito ngayon: "nais kong sugpuin ang masasamang damo, ginawa na nating lahat para sunugin ang kanilang sinulat na mapanirang talumpati, para burahin sa alaala, kasabay sa pagpaparusa sa mga napalaganap nito. Subalit sa sandaling tayo'y maidlip, bumabalik ang mga demonyong may panibagong tukso. Mas malalim ang naaabot sa kaluluwa ng nakikita ng mata kaysa kung anong nasa aklat! Mas nakasisira sa kaisipan ng mga kabataan, laluna ng mga dalagita, ang mga sinasabi, ikinikilos at napapanood kaysa ng mga salitang nakasulat lamang sa mga aklat! Kaya, dapat lamang na mawala sa ating mga lungsod ang mga mandudula, gaya ng pagpapalayas natin sa mga haling ang kaluluwa!

Kung gayon, nakasalalay ang tanging solusyon dito sa pag-asang may dakila pang paraan na mabubuo laban sa atin, laluna sa mga kabataang umaasang matututo ng sining ng dulaan: isang bagong diaspora ng *Commedianti*, ng mga mandudulang kahit na inalipusta, ay walang duda pa ring makakalikha ng hindi matatawarang ambag sa lipunan para sa pagbabago nitong anyo.

Isina-Filipino ni Frank G. Rivera, Marso, 2013, Philippine Center of ITI, Chairman, Young Practitioners Committee